

PAUNANG SALITA

Bagamat tayo ay mula sa iba't-ibang bansa, tayo ay iisang sambayanang natitipon sa iisang Simbahang tinawag ni Kristo. Inilabas ang pampletong ito para sa mga mananampalataya ng Simbahang Katoliko sa buong Nagoya.

ANG IYONG PAROKYA (Ang Simbahang Iyong Kinabibilangan)

1. Ang Simbahang Iyong Kinabibilangan

Ang Simbahan sa Japan ay mataas ang pagpapahalaga sa prinsipyong maitatag ang kasapian sa bawat parokya, bukod sa pangkalahatang kasapian ng Simbahan na naitatag sa pamamagitan ng Binyag.

Karaniwan na ang maging kasapi sa Parokya ng bayan o purok na iyong tinitirahan.(1) Ang Parokya ang lugar na pinupuntahan upang tumanggap ng Sakramento, maipasok ang inyong mga anak sa Sunday School, at pinupuntahan kung kinakailangan ng payo. Maaring mag-simba at tumanggap ng Sakramento ng pagbabalik loob sa alin mang Simbahang Katoliko.

(1) Isipin na ang inyong Simbahan ang pinakamadali mong mapuntahan. Walang batas na nagsasabing isang lugar lamang ang maari mong puntahan para sa Misa. Mayroon din Parokya na tinatawag na Personal Parish, halimbawa; ang Korean Church at ang English Speaking Church. Maaring mapabilang sa mga ganitong Simbahan.

2. Ang Rehistro ng Parokya

Kung hindi nakarehistro sa saan mang Simbahan, maaring lumapit sa Pari ng Simbahang pinakamalapit sa inyong lugar at hilinging ilagay ang inyong pangalan sa Rehistro ng parokya.(2) Kung ang inyong mga anak ay tumanggap na ng Sakramento ng Binyag at Kumpil, ang kanilang pangalan ay agad na naitatala sa libro ng pagpapatala ng Parokya, maging ang mga magulang ng bata ay kasabay na naitatala. Ginagarantiyahan ng Simbahan na ang nilalaman ng libro ng pagpapatala ay magiging nakatagong lihim. Pakipalam lamang kung di nais na maipatala ang inyong pangalan.

(2) *Kung nais mong manatili sa isang lugar ng higit sa isang buwan, mayroon kang karapatang magparehistro sa Simbahan na malapit sa inyong lugar.*

3. Paglipat ng Tirahan

Kung ikaw ay lilipat sa ibang lugar, ipagbigay alam ito sa Kura Paroko. Bibigyan ka niya ng *transfer certificate* para mairehistro ka sa iyong bagong Simbahan. Kung ikaw ay mangingibang bansa maaaring mangailangan ka ng *Baptismal Certificate* o iba pang dokumento. Sabihin sa Pari ang mga dokumentong kinakailangan at malugod niya itong ipagkakaloob sa inyo.

MGA ALAY AT DONASYON

Dahil sa kakaunti lamang ang mga Katoliko, ang Simbahan sa Japan ay maliit. Ito ay nangangahulugan na ang mga donasyon mula sa kakaunting tao ay ginagamit sa pangangalaga ng Simbahan at sa suporta sa Pari. Ang mga tao ay nagbibigay ng alay sa Misa at nag-aambag din ng buwanang donasyon.

4. Alay sa Misa

Ang mga Simbahan sa buong mundo ay tumatanggap ng alay mula sa Misa. Ito ay ginagamit hindi lamang sa sariling Simbahan kundi pati rin sa mga gawain ng Simbahan sa Japan at maging sa labas ng bansa.

5. Buwanang Donasyon para sa Pangangalaga ng Simbahan

May ibat-ibang tawag sa ganitong donasyon: buwanang kontribusyon, para sa pangangalaga ng Simbahan, Alay sa Simbahan, o buwanang alay. Ito ay nakabatay sa indibiduwal na kakayahan ng bawat kasapi. Ang Simbahan ay nagmumungkahi ng halagang tatlong porsiyento (3%) sa personal na kita. Ang donasyon na ito ay ginagamit sa pangangalaga ng Simbahan, sa mga aktibidad ng Simbahan at suporta para sa Pari.

ANG MISA

Ang pagkabuhay na muli ni Kristo ay ang pagkabuhay ng kanyang katawan, na tinatawag na inang Simbahan at nagpapatuloy ng gawaing pagliligtas hanggang sa kasalukuyan. May mga natatanging tanda na nagpapahayag na ang biyaya ni Kristo ay ipinagkaloob sa atin. Ang mga tandang ito ay tinatawag na Sakramento.

Sa lahat ng mga Sakramento ang Lingguhang Misa ay natatanging mahalaga. Ang mga Kristiyanong mula sa iba't ibang lugar o pook ay nagtitipon bilang nakikitang katawan ni Kristo, nakikinig sa mga Salita ng Diyos, nakikibahagi sa misteryo ng pagkamatay at muling pagkabuhay ni Kristo, nagpapasalamat sa pagliligtas ng Panginoon, at sa pamamagitan ng pagtanggap ng katawan ni Kristo tayo ay nagiging kaisa Niya at ng ating kapwa. Kaya mahalaga na tayo ay magkatipon sa iisang lugar. May kalawakan ang tungkulin natin sa Diyos, subalit may pangangailangan na tayo ay maging malapit sa bawat isa bilang mga Kristiyanong. Kailangan nating magsama-sama upang magbigay sigla at magtulungan sa isa't isa. Sa ganitong paraan tumitibay ang ating pagbubuklod sa pananampalataya, ang kaalaman sa pagkakaisa ay napapalalim, sama-sama tayong nabubuklod kay Kristo at sinusugo sa Lipunan na ating ginagalawan.(3)

(3) *Mula sa 1997 Kalendariyo ng Simbahan*

6. Saang Simbahan Tayo Dapat Pumunta para sa Lingguhang Misa

Para sa mga Hapon at mga permanente o pansamantalang naninirahan sa Japan, karaniwan na ang magsimba sa Simbahang kanilang kinabibilangan na kung saan tayo ay nakarehistro. Kung ninanais na dumalo ng misa sa sariling wika binibigyan ng laya ang sinumang nagnanais na pumunta sa ibang simbahan na nagsasagawa ng Misa sa iba't-ibang wika.

Kung naninirahan sa Japan ng maikling panahon lamang maaaring magtungo sa simbahang mayroong Misa sa sariling wika. Ngunit kung magpapabinyag ng anak, magpapakumpil, o magpapakasal, kailangan pumili ng isang Simbahan na iyong kinabibilangan at dito tumanggap ng mga Sakramento.

Ang mga lugar at oras na pinaggaganapan ng Misa sa sariling wika ay maaaring malaman sa Pari ng Parokya na pinakamalapit sa inyong lugar, o sa opisina ng diyosis o

sa mga *International Pastoral Centers*.

7. Ang Banal na Komunyon

Kailangan ang sapat na paghahanda bago tumanggap ng Banal na Komunyon. Dapat tayong dumalo sa Misa ng maaga upang makasama sa pagdarasal sa pagsisisi na ginaganap sa simula ng Misa sa pamamagitan nito napapatawad ang ating magagaan na pagkakasala.

BINYAG NG MGA BATA

Sa binyag tayo ay nagiging kaisa ni Kristo at nagiging kasapi ng Bayan ng Diyos. Tayo ay sinisilang muli at napapatawad ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ng tubig at ng Banal na Espiritu. Sa ganitong paraan, tayo ay hindi lamang tinatawag na Anak ng Diyos. (Juan 3:1, Roma 8:15)(4)

Dahil sa ang lipunan ng Hapon ay hindi tunay na Kristiyanong kapaligiran, mahalaga para sa pagpapalaki ng mga anak bilang Kristiyano ang pamumuhay sa Kristiyanong paraan at pag-aaral ng pananampalataya sa loob ng tahanan. Mahalaga rin na ang mga magulang ay nagsisimba at maunawaan ang pangangailangang makibahagi sa lokal na parokya. May karapatan ang mga bata sa pangangalinga at pagmamahal hindi lamang mula sa kanilang mga magulang kundi pati rin sa komunidad ng parokya. Sa dahilang ito iminumungkahi ng Simbahang Katoliko sa Japan na magkaroon ng sapat na paghahanda ang mga magulang ng pabibinyagan na bata.

(4) *Aklat ng mga Seremoniya ng Katoliko (Binyag ng Sanggol)*

8. Pagsangguni sa Pari

Kung nais ninyong magpabinyag ng inyong anak, ang unang dapat gawin ay makipag-usap sa pari ng Simbahang inyong kinabibilangan o sa Simbahang pinakamalapit sa inyong tirahan. Sa mga Simbahan maaaring makuha ang mga *Application Form* para sa pagbibinyag, at isulat ang mga kinakailangang impormasyon.

9. Seminar para sa Paghahanda ng Binyag

Sasabihin sa inyo ng Kura Paroko kung kailan kayo magseseminar ng lima o anim na beses bago ganapin ang binyag ng inyong anak. Hanggat maari ay kailangan dumalo ang parehong magulang ng bata. Ang mga hindi Kristiyanong magulang ay nararapat ding malaman ang pananampalataya ng kanilang asawa at anak. Ang paghahanda ay sa wikang Hapon ngunit kung magiging mahirap para sa inyo ang seminar sa wikang Hapon, mayroon din mga seminar na inihanda sa ibang wika. Makipag-usap sa Kura Paroko tungkol sa bagay na ito.

10. Pagsangguni sa Pari tungkol sa petsa at oras ng pagbibinyag

Pagkatapos ninyong magseminar makipag-ugnayan sa Kura Paroko para itakda ang petsa at oras ng Binyag at ipaalam ang mga napiling ninong at ninang.(5) Sapat na ang isa, maging ninong man o ninang.

Hindi maaaring magpabinyag sa simbahan ng basta-basta at walang pagsangguni sa Kura Paroko. Hindi ito ginagawa ng Simbahan sa Japan.

Tandaan ninyo ang Simbahang pinagbinyagan ng inyong anak. Kakailanganin ang *certificate* ng Binyag para sa pagkukumpil at Kasal. Kung hihilingin ninyo sa Pari ito ay ipagkakaloob sa inyo.

(5) Ang mga ninong at ninang ay dapat na binyagang Katoliko at nakumpilan. Ang pinakamabuti ay yaong maaring maging ninong o ninang muli sa panahon ng Kumpil. Magkakaiba ang kaugalian sa bawat bansa. Kung marami ang mga ninong at ninang, dapat na kahit isa sa kanila ay Katoliko. Sa pag-iisip ng pangalan para sa inyong anak, piliin ang pangalan ng Santo o kaya'y pangalan na nararapat sa isang Kristiyano.

Ang Baptismal Certificate: ang binyag ng bata ay natatala sa Rehistro ng Parokya. Sa panahon ng Kumpil at Kasal kakailanganin ang Baptismal Certificate mula sa Simbahan.

PAG-AARAL NG MGA BATA SA PANANAMPALATAYA

Sapagkat nabubuhay tayo sa hindi Kristiyanong kultura ng lipunan sa Japan, upang mapalaki natin bilang mga Katoliko ang ating mga anak, kailangan ang mga magulang mismo ay mamuhay sa pananampalataya na may galak at makibahagi sa komunidad ng

simbahan na kanilang kinabibilangan. Kailangang makasama ang kanilang mga anak sa pagdalo sa Misa at makapasok sa *Sunday Schools*. Ang mga ito at ang sama-samang pagdarasal sa bahay bilang isang pamilya ay magiging pundasyon sa pagtatatag ng isang Kristiyanong kapaligiran at magsisilbing aral pananampalataya para sa mga bata.

11. Panalangin ng Pamilya

Mahalaga ang pagdarasal ng sama-sama sa bahay bilang isang pamilya. Turuan ang inyong mga anak habang bata pa na magdasal bago matulog at bago kumain. Laging tandaan na si Hesus ay lagi nating kasama sa ating tabi.

12. *Sunday Schools*

Kung dumating na sa edad ng pagpasok sa paaralan ang inyong mga anak, dapat ninyong papasukin sila sa paaralan ng inyong Simbahan o *Sunday School*. Kapag dumating na sila sa edad ng *Junior High School* magiging abala na sila sa mga gawain ng paaralan at sa mga aktibidad ng kanilang mga samahan. Ang pagsama sa mga gawain ng Simbahan ay magiging mahirap na para sa kanila. Kausapin ng mabuti ang mga bata tungkol sa problemang ito at tulungan silang mapalalim ang sariling pananampalataya at matagpuan ang ligaya sa pakikibahagi sa komunidad ng parokya.

ANG PAKIKINABANG (EUKARISTIYA)

Sa Sakramento ng Eukaristiya, tayo ay nakikiisa sa hapunan ng Panginoon, tinatanggap natin ang katawan at dugo ni Jesus at ito ang nagpapalakas sa ating pagkakaisa bilang bayan ng Diyos. Kasabay nito, inihahandog natin ang ating sarili kay Kristo at sa Simbahang inililigtas na inialay ni Kristo bilang pinakamataas na handog sa Diyos Ama. Sa Eukaristiya tayo ay nananalangin na ang Banal na Espiritu ay sumukob sa atin ng lubos upang ang buong sangkatauhan ay maging isang pamilya ng Diyos.(6)

(6) *Aklat ng mga Seremonya ng Katoliko*

13. Kailan tatanggap ng Unang Komunyon

Ang mga batang tatanggap ng unang pakikinabang (First Communion) ay kailangang nasa sapat na gulang na kung saan kanila nang nauunawaan ang kahulugan ng Sakramento ng Komunyon, karaniwan pagdating sa ikapitong gulang o pagpasok sa elementarya.

14. Paghahanda ng pagtanggap ng Unang Komunyon

Kailangan ihanda natin ang kaisipan ng mga bata sa pagtanggap ng unang Komunyon sa pamamagitan ng pagdalo sa *Sunday School* at paggamit ng lahat ng panahon at mga lugar kung saan ang pananampalataya ay maigawad sa kanila ayon sa kanilang pang-unawa. Kailangan ding isangguni ito ng mga magulang sa Kura Paroko.

ANG SAKRAMENTO NG KUMPIL

Ang kumpil ay isang natatanging tanda na pumupuno sa atin ng Banal na Espiritu na kaloob ng Diyos Ama. Tayo ay nagiging tunay na kawangis ni Kristo at dahil dito naisasabuhay natin ng lubos ang pananampalatayang ating ipinapangako sa binyag. Sa pamamagitan ng ating salita at gawa tayo ay nagiging saksi ni Kristo sa lipunan at upang maging ganap ang katawan ni Kristo.(7)

(7) *Aklat ng mga Seremoniya ng Katoliko*

15. Kailan tatanggap ng Kumpil

Hindi ipinagkakaloob sa Japan ang kumpil sa mga batang bagong binyag. Ang mga bata ay kinukumpilan kung nauunawaan na nila ang kahulugan ng pananampalataya. Sumasangguni sa Kura Paroko.(8)

(8) *Ayon sa Bilang 891 ng Bagong Batas ng Simbahan at alituntunin ng pagpapatupad ng batas sa Simbahang Hapon, ang tamang edad para sa Kumpil ay mula 10 hanggang 15 taong gulang.*

16. Paghahanda para sa Kumpil

Ang paghahanda sa Kumpil ay sa pamamagitan ng pagdalo sa mga seminar upang lubusan natin matutunan ang tungkol sa ating pananampalataya. Makipag-ugnayan sa

pari sa Simbahang inyong kinabibilangan.

17. Ang paggagawad ng Kumpil

Sa Diyosesis ng Nagoya, ang Sakramento ng Kumpil ay karaniwang iginagawad ng Obispo. Makipag-usap sa Kura Paroko ukol sa nakatakdang araw at sa karagdagang kaalaman tungkol dito

ANG SAKRAMENTO NG KASAL

Ang Kasal ay isang kasunduan na malayang isinasagawa ng isang lalaki at babae. Ito ay hindi mababaling pagbubuklod na nakaugat sa pag-ibig at banal na kasunduan na pinagtibay ng Diyos. Ang kasal ay sagrado, at dito ang mga bata ay isinisilang, pinalalaki at kasama sa natatanging katungkulan sa lipunan. Samakatuwid ang seremoniya ng kasal ay hindi isang palamuti lamang at pormalidad. Sa seremoniya ng kasal ang mga ikinakasal ay nagpapahayag sa harap ng Diyos at sa Sambayanang Kristiyano ng kanilang matibay na hangaring magbuklod sa isa't isa at nananalangin na pagpalain ng Diyos ang kanilang pag-iisang dibdib.(9)

(9) *Tingnan ang Opisyal na mga dokumento ng Simbahan*

18. Pagsangguni sa Pari bago Ikasal

Bilang alituntunin, ang mga Katoliko ay dapat pakasal sa Simbahang kanilang kinabibilangan. Ang unang dapat gawin ay ang pagsangguni sa Kura Paroko. Kahit na nais ninyong pakasal sa ibang simbahan kailangang sumangguni pa rin sa Kura Paroko ng inyong kinabibilangang simbahan. Pagkatapos nito, maari na ninyong pagpasyahan ang araw, oras at lugar ng kasal. Sakaling hindi kayo kabilang saan mang simbahan, mangyaring makipag-usap sa Kura Paroko ng simbahan na malapit sa inyong tirahan.

19. Mga dokumentong kailangan para sa pagpapakasal

Sa paghahanda sa Kasal dapat sundin ang mga tagubilin ng Kura Paroko. Sagutan ang *application form* at ibigay ito sa kanya. Kakailanganin ang iba pang dokumento para

sa pagpapakasal, halimbawa, ang *baptismal certificate*,⁽¹⁰⁾ na galing sa Simbahang pinagbinyagan bilang dokumento bago magpakasal. Kung ikaw ay isang dayuhan maaaring kailanganin mo ang “Certificate of Eligibility to Marry”⁽¹¹⁾ na kinakailangan sa sibil na kasal. Ang mga ganitong kasulatan ay maaaring makuha sa mga embahada ng mga dayuhan sa Japan.

(10) Baptismal Certificate for Marriage Purposes, isang kasulatang nagpapatunay na ang ikakasal ay nakumpilan at malayang magpapakasal. Kung hindi ito maipagkakaloob, kailangan ang ibang dokumento na magsisilbing kapalit nito. Magtanong sa opisina ng Diocese kung saan ka bininyagan. Ang mga katolikong ikakasal ay kinakailangang nakatanggap na ng Sakramento ng Kumpil.

(11) Depende sa pinanggalingang bansa, may mga pagkakataong hindi ito nagbibigay ng “Certificate Requisites for Marriage.” Sa ganitong pangyayari ang isang pahayag ng panunumpa ay ibinibigay bilang kapalit. Ang ganitong dokumento ay kailangan sa kasal ng batas sibil.

20. Mga Pag-aaral sa Paghahanda ng Kasal

Upang matiyak na ang inyong buhay may-asawa ay magiging malago at taos, isasaayos ng Kura Paroko ang ilang pag-aaral para maihanda kayo sa seremonya. Ang mga nilalaman, pagtatakda at wikang ginagamit ay magkaka-iba sa bawat simbahan kaya sumangguni sa inyong Kura Paroko ukol dito.

21. Pag-uusap ng dalawang magkapareha ukol sa kasal

Pag-usapan ninyong magkapareha ang tungkol sa inyong pagtingin sa kasal at pananampalataya. Kung hindi binyagan ang inyong kapareha, mahalagang magkaroon siya ng mabuting pag-unawa sa kahalagahan ng iyong pananampalataya. Sa kalagayan ng *International Marriage*, (mga magkaiba ng bansa) ang paggalang sa kultura, pamumuhay, at pinaggalingang kalagayan ng pamilya ng bawat isa ay napakahalaga.

22. Mga dapat ayusin sa kaso ng muling pagpapakasal

Kung ito ang ikalawang pagpapakasal ng alin man sa inyong magkapareha, ipaliwanag ito sa Kura Paroko at sasabihin niya sa inyo kung ano ang mga dokumento na kakailanganin ng Simbahan mula sa inyo.

23. Mga dapat ayusin sa Batas sibil, para sa *International Marriage*

Sa kasal ng dalawang banyaga, o Hapon at isang banyaga, kinakailangan ng Batas Sibil ang ilang mga dokumento at pormalidad. Sumangguni sa Simbahan at sa tanggapan ng *Nagoya Catholic Commission for Refugees, Migrants and People on the Move*.

ANG SAKRAMENTO NG PAGBABALIK LOOB O KUMPISAL

24. Oras at lugar para sa Sakramento ng Pagbabalik Loob

Tayo ay kinakailangang tumanggap ng Sakramento ng Pagbabalik Loob o Kumpisal kahit isang beses sa isang taon. Maaaring matanggap ang Sakramentong ito saan mang Katolikong Simbahan. Sa ngayon, maraming mga Parokya ang nagsasagawa ng pangkalahatang paghahanda ng Sakramento sa Misa tuwing panahon ng Adbiyento at Mahal na Araw na may pagkakataon din para sa indibiduwal na kumpisal. Magandang paraan din ang pagdalo sa mga retreat upang magkaroon ng pagkakataong makapag-kumpisal. Kung nais mong tumanggap ng Sakramento ng Pagbabalik loob sa sariling wika, magtanong sa pari sa simbahan.

ANG SAKRAMENTO PARA SA MAYSAKIT

25. Ang Pagpapahid ng langis sa maysakit

Kung tayo ay naospital dahil sa sakit, aksidente o dahil sa panghihina dulot ng katandaan tayo ay pinapahiran ng langis para sa maysakit ng Pari. Sa Sakramentong ito hinihiling natin sa Panginoong Hesukristo ang Kanyang awa at sa pamamagitan ng lakas ng Banal na Espiritu ang ating mga kasalanan ay napapatawad, napapagaan ang ating paghihirap, at pinagkakalooban tayo ng kaligtasan.

BINYAG SA PANGANIB NG KAMATAYAN

26. Pagbinyag sa panahong nasa panganib ng kamatayan

Ang mga nasa panganib ng kamatayan ay kinakailangang mabinyagan kung sila ay

nagpapahiwatig ng kanilang kagustuhang mabinyagan. Kung may panahon pa, tawagin ang Pari. Subalit kung mayroong may kakayahan na maggawad ng Sakramento ng Binyag maari itong isagawa sa pamamagitan ng pagbuhos ng tubig sa noo at bigkasin ang salitang “Binibinyagan kita sa ngalan ng Ama ng Anak at ng Espiritu Santo.” Pagkatapos ay ipagbigay-alam ang pangalan at iba pang detalye sa Pari.

ANG PAGLILIBING

27. Paghahanda sa Kamatayan

Kung ang isang Katoliko ay nasa panganib ng kamatayan dahil sa sakit o aksidente dapat tumawag ng Pari sa pinakamalapit na Simbahan upang ang nasa panganib ng kamatayan ay makatanggap ng mga sakramento ng pagbabalik loob, Eukaristiya at mapahiran ng langis para sa may sakit. Ang Pari ay malugod na magkakaloob ng inyong pangangailangan.

28. Sa Oras ng Kamatayan

Kung ang isang tao ay namatay dapat kausapin ang Pari at tanungin kung ano ang dapat gawin. Kung ang tao ay namatay sa bahay kinakailangan ang *Death Certificate*, tumawag ng doctor o tumawag sa 119. Huwag dalhin ang bangkay sa Simbahan o ibang lugar hanggat hindi napagkakalooban ng *Death Certificate*.

29. Paglilibing sa Japan

Sa Japan ang kaugalian na ang magkaroon ng lamay, na susundan ng seremonya ng paglilibing at pagkatapos ay ang pagsusunog ng katawan (*Cremation*).⁽¹²⁾ At pagkaraan ng ilang araw ang mga abo ay ilalagay sa sementeryo. Ang banyagang paglilibing ng bangkay ay hindi karaniwang ginagawa. Kung sa halip na sunugin ay nais ninyong iuwi ang bangkay sa sariling bansa, huwag mag-atubiling kausapin ang Kura Paroko.

30. Pagdadala ng bangkay sa Kanyang sariling Bansa

Sa ganitong kalagayan, ang pamilya, mga kamag-anak at malapit na kaibigan ng namatay ay dapat na magusap-usap at makipag-ugnayan sa Kura Paroko ng Simbahang kinabibilangan. Dapat ding makipag-ugnayan sa embahada at tanungin kung ano ang mga kinakailangang dokumento. Alalahanin na ang pagpapadala ng bangkay sa ibang bansa ay lubhang napakamahal.

(12) Ang katawan ay sinusunog sa Crematorium, ang mga abo ay nilalagay sa isang sisidlan at iniiuwi sa bahay. Karaniwan ang abo at sisidlan ay nilalagak sa libingan. Ngunit maari rin itong ilagay sa bahay o iuwi sa sariling bansa.

Ang pampletong ito ay hango sa pampletong inilathala ng Tokyo Province ng Simbahang Katoliko ng Japan, subalit iniangkop sa pangangailangan ng Diyosesis ng Nagoya.